

1

“Good afternoon everyone. This is Captain Jet Yuchengco speaking. We’re flying at twenty-five thousand feet, moving up to thirty thousand feet, and we’ve got visibly clear skies all the way up to *Mactan Cebu International Airport*. We should be there in about forty-five minutes.”

Muntik nang malaglag si Jenny mula sa kanyang kinauupuan nang marinig ang pamilyar na boses na iyon mula sa kanyang nakaraan. It had been years since she last heard that roguish masculine voice that caused her first and only heartbreak.

Kinailangan niyang umuwi mula sa isang two-week seminar sa Maynila para kausapin ang principal ng kanyang anak na si Ace at nawala sa isip niya na pag-aari ng mga Yuchengco ang eroplanong sinasakyan niya.

That and the very fact that she wasn’t expecting to hear Jet’s voice again after six long years. Sa halos apatnapu’t limang minuto nila sa ere ay hindi maalis-alis ang tingin niya sa nakasarang pinto ng cockpit na tila ba anumang sandali ay iluluwa niyon ang binata.

“Is there anything I can help you with, Ma’am?” tanong ng isang flight stewardess nang mapansin ang pamumutla niya. Hindi rin maitago ang pagtataka sa mukha nito lalo na nang mapansin ang panginginig ng kanyang mga kamay at daliri.

“N-no,” wari ay kinakabahang sagot niya. “Nothing. I don’t need anything. Thank you.”

Mahinhing ngumiti ang babae at hinawakan siya sa gawing balikat. “Nasa likod lang po ako kung may kailangan kayo,” anito bago umalis.

Tumango siya at ngumiti bilang pasasalamat.

Matapos mag-landing ng eroplano ay taranta niyang tinungo ang baggage claim area para kunin ang kanyang mga bagahe. Wala sa mga plano niya ang muling makipagkita sa lalaking minsan nang nanakit sa kanya. The sooner she got out of that place, the better.

“So...” sabi ng baritonong boses mula sa kung saan na muntik-muntikan na niyang ikatili. Ilang segundong hindi nakahinga si Jenny. “I wasn’t just hallucinating when I thought it was you who fidgeted her way out of my plane. Mabuti at naabutan pa kita rito.”

Lumington siya pero hindi agarang nakaimik nang makita kung sino ang nagsalita. Jet was in his blue pilot uniform and she didn’t want to take her eyes off him. Napakakisig nitong tingnan sa suot na uniporme.

His charming masculine appeal practically doubled with age. May hawak itong pilot cap sa isang kamay habang matiim

siyang tinitingnan at kung ibang babae lamang siya ay tiyak nahumaling na siya rito.

“We have to talk,” pagkuwan ay pormal na sabi nito, his gaze never leaving her face even for a second.

His dark eyes were hazy, as if they were going to spill out something any moment soon. Mayroon siyang nakitang damdamin mula sa mga mata nito, pero itataga niya sa bato na hindi iyon kalungkutan o pangungulila.

“Hindi puwede.” Nakipagsukatan siya ng tingin sa binata at isinukbit ang dalang travel bag sa kanyang balikat. “Someone’s waiting for me to come home and I don’t want to keep him waiting.”

Tinangka nitong kunin ang bag mula sa kanya ngunit hindi niya ito pinayagan. “It’s been six years, Jen. Huwag mong sabihing hindi ka pa rin handang pag-usapan ang tungkol sa nangyari—”

She stared at him for the longest time. “Magagalit nga ang asawa ko,” pasupladang tugon niya bilang pagtataboy rito. “Isa pa, matagal na tayong tapos. Ngayon pa ba tayo magsosolian ng gamit?”

“You’re not yet married, Jennifer.”

She smiled sarcastically. “How can you be so sure?”

Walang babala nitong hinawakan ang kamay niya at bahagyang itinaas iyon sa ere. “See this?” anito sabay tingin

sa kanya. “You’re not wearing any wedding ring. At huwag mong sabihing nakalimutan mo lang isuot iyon dahil hindi ako maniniwala.”

Napatitig siya sa kamay nitong nakahawak sa kamay niya. Sexually charged flashes of the past began to race inside her head and she was not able to steer herself away from it. She felt the familiar burning sensation whenever his skin touched hers.

Mabilis niyang binawi ang kamay mula rito. “Huwag mo akong hawakan!”

Tumawa ito nang pagak, tiningnan siya na tila ngayong araw lamang siya nito nakilala. “Who are you and what did you do to my sweet Jenny?”

Your sweet Jenny!? Kinailangan niyang kagatin ang kanyang pag-ibabang labi para huwag magsilabasan ang masasamang salita na tila mga batong nais niyang ihagis sa lalaki. Napakawalanghiya talaga!

“People change,” taas-noong sagot niya. “Kaya kung naghahanap ka na naman ng kolehiyalang mauuto ay sa ibang direksyon ka tumingin. I’m not available.”

Muling tinangka ng binatang hawakan siya sa kamay, pero mabilis niyang nailayo ang sarili na para bang mayroon itong nakakahawang sakit. “Jenny... please, Baby... let’s talk...” pagsusumamo nito.

Sandaling katahimikan. The gall of this guy to call her with a term of endearment that she so hated to hear until now. Sa pagkakaalam niya ay wala na itong karapatang tawagin siya sa kahit na anong pangalan!

“Pabayaan mo na ako, Jet,” mayamaya ay puno ng pait na pahayag niya sa kontroladong boses. “Kalimutan mo na ako dahil matagal na rin kitang kinalimutan.” *Ikaw at ang sinungaling mong puso!*

Iyon lamang at tinalikuran na niya ito. She could not think of any reason why she had to be there in the first place.

Goodbye, Jet...

“Magkikita pa tayo, Jennifer!” narinig niyang pahabol na sigaw ni Jet bago siya nakalayo mula rito. Mas binilisan niya ang kanyang paghakbang para hindi na siya nito maabutan pa.

Ang diyablong iyon at umuwi pa talaga sa Pilipinas! ngitngit na sabi ng kanyang utak. Matay man niyang kalimutan ang mapait na nakaraan ay pilit pa rin iyong umukilkil sa utak niya mula sa airport hanggang sa waiting area ng principal’s office.

How she regretted boarding that evil bastard’s plane. “Miss Montinola, you’re next,” tawag ng may-edad na sekretarya.

Kinalma niya ang kanyang sarili bago pumasok sa opisina ng principal ni Ace.

“Principal Ramirez, I got your message two days ago, kaya agad akong nagpunta rito,” nag-aalalang bungad niya sa butihing punong-guro. “May nagawa po bang kasalanan ang anak ko kaya ninyo ako ipinatawag?”

Ace had been a little restless these past few weeks. Palaging lumilipad ang isip nito lalo na nang makita ang larawan ni Jet sa isang pahayagan. Hindi man ito nagtatanong ay alam niyang nagsisimula na itong maghanap sa amang hindi pa nakikilala.

“No,” nakangiting iling ng kanyang kausap. Iminuwestra nito ang kamay para paupuin siya. “Hindi iyan ang rason kung bakit ipinatawag kita.”

Noon lamang siya nakahinga nang maluwag. “Kung gayon ay ano ho ang problema?”

“Well, I have to be frank with you, Miss Montinola.” Isinandal nito ang likod sa kinauupuang swivel chair na tila inihahanda ang sarili sa mahabang pag-uusap. “Napakatalino ng anak mo.”

Hindi siya kumibo bagkus ay hinayaan lamang na tapusin ng kanyang kausap ang sinasabi.

“He’s like a sponge. An overly absorbent sponge na hindi natin dapat isama sa mga ordinaryong bata,” pagpapatuloy nito. “I’m not yet saying he’s a genius dahil hindi pa bumabalik ang resulta ng tests na ipinakuha namin sa kanya, pero talagang mas nakalalamang ang talino niya sa iba.”

She could not help the bitterness that raided her mouth. *Nagmana ho kasi sa ama niyang matalino sana pero wala namang puso*, she thought, shaking her head twice to get Jet's boyish grin out of her mind. Hanggang dito ay sinusundan pa rin siya ng impaktong iyon.

"Ace is constantly bored with the lessons. Mas gusto pa niyang magbabad sa library at magbasa ng encyclopedia kaysa pumasok sa kanilang classroom." Saglit itong huminto sa pagsasalita para tingnan ang kanyang reaksiyon. "Iniisip ko na baka iyon din ang dahilan kung bakit madalas siyang mag-tantrum."

Halos hindi na siya nabigla sa mga sinabi ng may-edad na babae. Maliit na bata pa lamang si Ace ay napapansin na niya na mas advanced ang utak nito kaysa sa karaniwang bata. She figured it was only a matter of time before other people took notice.

Pinagsalikop niya ang dalawang kamay sa kanyang kandungan. "W-what do you suggest I do, Principal Ramirez?" she asked, knowing that her decision would greatly affect her child's future.

"I recommend that we accelerate him to a couple of grade levels," turan nito na ang tingin ay wala sa kanya kundi sa binabasang papel.

"Hindi ho ba masyado pa siyang bata para mahiwalay sa mga kaedad niya?"

Tinitigan siya ng babae na tila nakakaintindi. “I know it’s going to be a hard decision,” tatangu-tangong sabi nito pagkatapos. “Ayoko ring madaliin ka. Pero sa nakikita ko ay iyon ang mas makabubuti para kay Ace. I’ll give you time to think about it. Tatal ay malapit na rin naman ang bakasyon ng mga bata.”

Matagal siyang hindi nakapagsalita habang matamang pinag-iisipan ang kanyang magiging desisyon. She thought everything would have been much easier if she had Ace’s father by her side.

“H-hindi na ho kailangan, Ma’am. Kung sinasabi ninyong iyon ang makakabuti para sa anak ko ay pumapayag po ako. I only want what’s best for my son and I know you do, too.”

“Very well,” anitong nakangiti. Principal Ramirez stood up and shook her hand. “Your son is an exceptional kid. He’ll do just fine with the older kids.”

Tumango siya at tahimik na nagpaalam. She could not help but shake her head on the way home. Hanggang sa solong pagpapalaki sa kanyang anak ay hindi pa rin niya matakasan ang mga alaala.

Her son was a living and breathing reminder of the past. Mula sa ugali nitong paghaplos ng daliri sa ilong sa tuwing may malalim na iniisip hanggang sa ngiti nitong nakakaloko ay nagpapaalala sa kanya kay Jet.

Iyon mismo ang dahilan kung bakit ni isang araw sa loob

ng nakaraang anim na taon ay hindi niya nagawang kalimutan ang dating nobyo.

Madilim na nang makarating siya sa kanilang bahay kaya kaagad niyang pinuntahan ang natutulog na anak sa kanilang kuwarto. Her son looked like a wingless angel whenever he was sleeping soundly on his bed.

Malamang ay buong araw na naman itong naglaro ng saranggola at paper plane kasama ng mga bata sa kapitbahay kaya maaga itong nakatulog.

Jenny looked at him lovingly. Marahan niyang hinaplos ang buhok nito sa gawing noo at napabuntong-hininga. “Why do you have to be so much like your father?” wala sa loob na bulong niya sa tainga nito.

Unti-unting nagmulat ang mga mata ng bata. “Mom?” anito na tila antok na antok. Kinusot nito ang mga mata at hinalikan siya sa pisngi. “You’re home.”

Ngumiti siya. “I talked to Principal Ramirez this afternoon and she said you’re very good with Math. Napaka-good boy naman ng baby ko,” malaming na saad niya. “You deserve a reward. Ano’ng gusto mo?”

“I want a remote controlled aircraft.” Naghikab ito at humaba ang nguso. “Gusto ko ’yung latest model, Mom. I want

to assemble it myself.”

“Hindi ba mahirap gawin iyon?”

“Na-ah,” inosenteng iling nito. “It will be so easy it’s gonna make me cry. Trust me.”

Tumawa siya at masuyo itong niyakap. Hindi na siya magtataka kung talagang nagsasabi ito ng totoo. Limang taon pa lang ito pero ang kumpiyansa nito sa sarili ay malayo sa mga batang kaedad nito.

“Fine. You can have whatever you want,” aniya, sabay tipid na ngumiti. “Bukas ay pupunta tayo sa mall para bilhin iyang ipinabibili mo. Sleep tight for now.”

Tinatamad itong tumango. “Okay...”

“I love you, Ace.”

“I love you too, Mom,” sagot nito, sabay yakap sa paboritong nitong hotdog pillow. “Very much.”

Ilang sandali pa ay muli nang bumalik ang anak niya sa mahimbing na pagtulog. Nagtungo siya sa kusina at naupo roon habang tulalang tinitingnan ang orasan sa gawing itaas ng kanilang refrigerator.

“Jenny, Anak, hindi ka pa ba matutulog?” tanong ng kanyang ama habang binubuksan ang cupboard. Kagaya ni Ace ay nakabihis pantulog na rin ito. Malamang ay naulinigan nitong

may tao sa kusina kaya bumaba.

“Hindi ho kasi ako makatulog.”

Ngumiti ito at tumaas ang dalawang kilay. “Na-mi-miss mo na naman ang daddy ni Ace.” It was a statement and not a question. Nag-init ito ng tubig sa electric heater.

Dating manager sa isang bangko sa karatig-bayan ang kanyang ama kaya noon ay madalang itong umuwi sa bahay nila. Everything changed when she got pregnant with Ace. Her father resigned from work and started a small scale meat processing business. Alam niyang sinisi rin nito ang sarili sa nangyari sa kanya.

Her shoulders sagged in utter desolation. “Dad, he’s back...” matamlay na pagbibigay-alam niya tungkol sa pagbabalik ni Jet sa bansa. Ngayon, higit kailanman, kailangan niya ng balikat na masasandalan. Wala na siyang ina.

Lumingon ito at sandaling natigilan. “That’s good, Hija,” anito na tatangu-tango. Kumuha ito ng kutsara at hinalo ang powdered milk sa mainit na tubig. “Matagal na panahon na ang nakalipas. It’s about time he knew about his son.”

Umilap ang tingin niya, napuno na naman ng pagdaramdam ang dibdib. “Wala siyang karapatan sa anak ko pagkatapos ng mga ginawa niya sa akin. He doesn’t deserve Ace. Hindi ako papayag na magkita sila.”

My Sexiest Mistake - Satine Ortega

Umupo ang ama sa silyang katabi niya. “Jennifer, the two worst things you can do to a man is to deny him of his child or his love for a woman.” Masuyo nitong hinawakan ang balikat niya “Kung anuman ang kasalanan sa iyo ng ama ni Ace ay matagal na niya iyong pinagbayaran at sobra-sobra pa.”

She looked at her father cluelessly. “Dad, since when did you become a fan of Ace’s father?”

Nagkibit-balikat ito. “Ilang lalaki na ang pumila rito sa bahay natin pero wala kang sinagot ni isa sa kanila. I couldn’t help but admire the man who inspires that kind of love and loyalty from my daughter.”

She rolled her eyes and looked at the ceiling. Inilapag nito ang tinimpla nitong gatas sa kanyang harapan. “Now drink your milk,” sabi nito bago lumabas ng kusina. “Good night, Sweetheart.”

Napangiti siya sa kabila ng unos na unti-unting namumuo sa kanyang dibdib. “Good night, Dad.”

Ibinalik niya ang tingin sa kawalan at inalala ang nakaraang ilang taon na niyang pilit na tinatakasan. The past surely had a very brutal way of reminding her about the callous and insensitive Jet Yuchengco.